

Cum quibus et nostras voces ut admitti iubeas, deprecámur, súplici confessióne dicénte: — **Sanctus, Sanctus, Sanctus...**

Kaya kasama nila ay ipinagbubunyi naming walang humpay ang iyong kaluwalhatian: — **Santo, Santo, Santo Panginoong Dios ng mga hukbo...**

ANTIPONA SA KOMUNYON • Ps 2:11-12

SERVITE Dómino in timóre, et exsultáte ei cum tremóre: apprehéndite disciplínam, ne pereátis de via justa.

PAGLINGKURAN natin ang Poon nang may paggalang sa Kaniya, at magalak tayo sa Kaniya't manginig! Magpasakop kayo, baka kayo'y mapahamak sa daan.

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

CÆLESTIS vitæ múnere vegetáti, quásumus, Dómine: ut, quod est nobis in præsénti vita mystérium, fiat æternitátis auxiliúm. Per Dominum.

PINATATAG ng Tinapay ng Langit, hinihiling namin, Panginoon, na ang sakramento na aming tinanggap dito sa lupang ibabaw ay magsilbing saklolo para sa amin patungo sa buhay na walang hanggan. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

Sa dakong Paghayo at Pagbabasbas sa katapusan ng Misa, harap ang pari sa bayan, sasabihin ang mga katagang "Humiliate capita vestra ad Dominum" (Iyuko ninyo ang inyong mga ulo sa Panginoon.)

PAGPAPANALANGIN SA SAMBAYANAN

FIDELIS, tui, Deus, per tua dona firméntur: ut éadem et percipiéndó requírant, et quæréndo sine fine percípíant. Per Dominum.

PATATAGIN nawa, O Dios, ang kalooban ng iyong mga binyagan pakundangan sa Iyong makalangit na pagbabasbas: sa kanilang kalungkutan, Ikaw nawa ang kanilang kaaliwan; sa kanilang kapighatian, Ikaw nawa ang maging kalakasan; at sa kanilang kagipitan, Ikaw nawa ang maging tagapagtanggol. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

Hermandad de Sagrada Eucaristia
Latin Mass Society of Cavite ©2022
Comision Para sa Pagsasalin

SABADO

KASUNOD NG MIERCOLES NG ABO

Misa "Audiuit"

• III cl. • Simple • Lila

PAMBUNGAD NA ANTIPONA • Ps 29:11

AUDIVIT Dóminus, et misértus est mihi: Dóminus factus est adiútor meus. — *Ps 29:2* Exaltábo te, Dómine, quóniam suscepísti me: nec delectásti inimícos meos super me. *V.* Gloria Patri. Audiuit.

NARINIG ng Poon, at Siya'y nahabag nga sa akin: kaya't ang Poon nga ang aking naging saklolo. — *Salmo 29:2* Dadakilain kita, Poong Mahal, pagka't ako'y hinango mo, at hindi mo hinayaang magalak sa akin ang aking mga kaaway. *V.* Luwalhati sa Ama. — Narinig.

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

ADESTO, Dómine, supplicatióne nostris: et concéde; ut hoc sollémne jejúnium, quod animábus corporibúsq; curándis salúbriter institútum est, devóto servítio celebrémus. Per Dóminum.

LUMAPIT Ka nawa't pakinggan ang mga panalangin na pakumbaba naming iniluluhog sa Iyo, upang mataimtim naming gampanan ang pag-aayuno na Iyong itinatag upang lunasan ang kalooban nami't katawan. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

Sa mga Misa ngayong araw, idaragdag ang ika-2 panalangin, "Upang Hingin Ang Pamamagitan Ng Mga Banal"; ika-3 panalangin, "Para Sa Mga Nabubuhay At Sa Mga Yumao."

PAGBASA • Is 58:9-14

Pagbasa mula sa aklat ni Propeta Isaias.

SINABI NG PANGINOONG DIOS: Kung magkagayo'y tatawag ka at ang Panginoon ay sasagot; ikaw ay dadaing, at siya'y magsasabi, Narito ako. Kung iyong alisin sa gitna mo ang pamatok, ang pang-alipusta, at ang pagsasalita ng masama; kung magmamagandang-loob ka sa gutom, at iyong tugunin ang nais ng nagdadalamhati, kung magkagayo'y sisilang ang iyong liwanag sa kadiliman, at ang iyong kadiliman ay magiging parang katanghaliang-tapat. At patuloy na papatnubayan ka ng Panginoon, at masiyahan ang iyong kaluluwa sa tuyong dako, at palalakasin ang iyong mga buto; at ikaw ay magiging parang halamanang nadilig, at parang bukal na ang tubig ay hindi nauubos.

At mula sa inyo ay itatayo ang dating sirang dako; ikaw ay magbabangon ng mga saligan ng maraming salinlahi; at ikaw ay tatawaging tagapag-ayos ng sira, ang tagapagsauli ng mga landas na matatahanan. Kapag iyong iurong ang iyong paa dahil sa Sabbath, sa paggawa ng iyong kalayawan sa aking banal na araw; at iyong tinawag ang Sabbath bilang isang kasiyahan, at marangal ang banal na araw ng Panginoon, at ito'y iyong pinarangalan, na hindi ka lalakad sa iyong mga sariling lakad, ni hahanap ng iyong sariling kalayawan ni magsasalita ng iyong mga salita; kung magkagayo'y malulugod ka sa Panginoon, at pasasakayin kita sa mga matataas na dako sa lupa; at pakakainin kita ng mana ni Jacob na iyong ama, sapagkat sinalita ng bibig ng Panginoon.” — **R. Salamat sa Diyos.**

PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • Ps 26:4

UNAM pétii a Dómino, hanc
requíram: ut inhábitem in domo
Dómini ómnibus diébus vitæ
meæ.

V. Ut vídeam voluptátem
Dómini, et prótegar a templo
sancto ejus.

ISANG BAGAY ang hinihingi ko sa Panginoon,
at ito'y aking hangarin; manahan sa bahay ng
Panginoon sa lahat ng araw ng aking buhay.

V. Nang malasin ko ang kagandahang-loob ng
Poon, at doon sa Kaniyang templo'y ako'y
ipagsanggalang.

EBANGHELYO • Mc 6:47-56

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Marcos.

NOONG PANAHONG IYON: Pagsapit ng gabi, nasa laot na ang bangka, habang si Jesus ay nag-iisa sa pampang. Nakita niyang nahihirapan sa pagsagwan ang kanyang mga alagad dahil pasalungat sila sa ihip ng hangin. Nang madaling-araw na, sumunod sa kanila si Jesus na naglalakad sa ibabaw ng tubig. Nang malalampasan na niya ang mga alagad, nakita ng mga ito na siya ay lumalakad sa ibabaw ng tubig. Akala nila siya ay isang multo kaya sila ay nagsisigaw. Takot na takot silang lahat, ngunit agad na sinabi ni Jesus sa kanila, “Huwag kayong matakot. Ako ito! Lakasan ninyo ang inyong loob!” Sumakay siya sa bangka at pumayapa ang hangin. Sila'y lubhang namangha sapagkat hindi pa nila nauunawaan ang tungkol sa pagpapakain ng tinapay; hindi pa ito abot ng kanilang isip. Tumawid sila sa ibayo at pagdating sa Genesaret ay dumaong sila sa pampang. Pagbabang-pagbaba nila, nakilala agad siya ng mga tao. Kaya't nagmadaling nagpuntahan ang mga tao sa mga karatig-pook. Saanman nila mabalitaang naroon si Jesus, dinadala nila ang mga maysakit na nakaratay sa higaan.

At saan man siya pumunta, sa nayon, sa lungsod, o sa kabukiran, agad na inilalapit sa kanya ang mga may karamdaman at ipinapakiusap sa kanya na mahawakan man lamang nila ang laylayan ng kanyang damit. At ang lahat ng makahawak dito ay gumagaling. — **R. Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

ANTIPONA SA PAG-AALAY • Ps 118:154, 125

DOMINE, vivífica me secúndum
elóquium tuum: ut sciam
testimónia tua.

PANGINOON, bigyan mo ako ng buhay ayon
sa Iyong pangako, upang mabatid ko ang lahat
Mong kautusan.

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

SUSCIPE, Dómine, sacrificium,
cujus te voluísti dignánte
immolatióne placári: præsta,
quæsumus; ut, hujus operatióne
mundáti, beneplácitum tibi
nostræ mentis offerámus
afféctum. Per Dominum.

TANGGAPIN Mo nawa, Panginoon, itong
paghahain na ikinalugod Mo't ikatutuwa:
isinasamo namin sa Iyo, sa bisa nito'y maging
dalísay kami, nang sa gayo'y makapag-alay
kaming bukal sa kalooban bilang katanggap-
tanggap na paghahain. Sa pamamagitan ni
Jesucristong Panginoon namin...

PREPASYO NG KWARESMA

VERE DIGNUM et iustum est,
æquum et salutáre, nos tibi
semper et ubique grátias ágere:
Dómine sancte, Pater
omnípotens, ætérne Deus.

TUNAY NGANG MARAPAT at matuwid,
angkop at nakakagaling, sa lahat ng dako at
sandali, na magpasalamat kaming lagi sa iyo,
Amang banal, Dios na makapangyarihan at
walang-hanggan:

Qui corporáli ieiúnió vítia
cómprimis, mentem élevas,
virtútem largírís et prámia: per
Christum Dóminum nostrum.

Sapagkat sa pagpapakasakit ng katawan,
sinusugpo mo ang aming masasamang hilig at
itinataas ang aming isipan; binibigyan kami ng
lakas at ginagagantimpalaan, alang-alang kay
Cristo naming Panginoon.

Per quem maiestátem tuam
laudant Angeli, adórant
Dominatiónes, tremunt
Potestátes. Cæli cælórúmque
Virtútes, ac beáta Séraphim,
sócia exultatióne concélebrant.

Kaya sa pamamagitan niya, ang makapal na mga
anghel sa kalangitan, nagpupuri kasama ng mga
Dominasyon at Potesdad ay nagpupuri at
sumasamba sa iyong kamahalan. Nagbubunyi
rin ang mga hukbo ng langit at ang mga Serapin
ay kaisa nilang nagpupuri sa Iyo.